

Maaari ba? Hindi ba maaari? Mga Siga sa kampo at Barbekyuhan

Kapag bumibisita sa mga Kagubatan at Parke sa Estado ng Victoria (Victoria's State Forests and Parks), ang pagkakaroon ng siga sa kampo (campfire) o barbekyuhan para magpainit ng katawan o magluto ay isang nakakaaliw na karanasan. Gayunman, ang mga siga sa kampo ay madaling makatakas at pagsimulan ng bushfire.

Ang mga paghihigpit ay nakatalaga para sa mga pampublikong lupain sa Victoria upang matiyak na hindi mangyayari ang pagtakas at pinoprotektahan ang ating bushland. Tungkulin mong tiyakin na nauunawaan mo ang mga patakaran at regulasyon sa siga sa kampo at barbekyuhan bago ka bumisita.

Kung ikaw ay magsisindi ng siga sa kampo o barbekyuhan, may tungkulin ka sa batas na tiyaking ito ay ligtas, hindi makatatakas, at ganap na napatay na bago ka umalis.

Mga Araw na Ganap na Ipinagbabawal ang Pagsisindi ng Apoy (Total Fire Ban)

Mga Araw na Ganap na Ipinagbabawal ang Pagsisindi ng Apoy = walang mga siga sa kampo at walang barbekyuhan na gagamit ng solido o kimikal na panggatong



Ikaw ang dapat umalam kung may Total Fire Ban sa lugar. Maaari mong tawagan ang Vic Emergency Hotline sa 1800 226 226, i-download ang Vic Emergency App o bisitahin ang emergency.vic.gov.au. Itanong sa kalapit mong kampo kung hindi mo alam.

Kung mainit o mahangin, gamitin ang sentido komun at huwag magsindi ng siga sa kampo o barbekyuhan.

Pangkalahatang paggamit

Kailangan ko bang linisin ang paligid ng aking siga sa kampo o barbekyuhan na may solidong panggatong?

Oo.

Panatilihin ang perimetrong 3 metro sa hangin at lupa sa paligid ng iyong siga sa kampo o barbekyuhan na may solidong panggatong na malayo sa madaling masunog na materyal. Gumamit ng itinalagang pugon kung saan mayroon.

Maaari ba? Hindi ba maaari? Mga Siga sa kampo at Barbekyuhan

Ano ang maaaring sukat ng aking siga sa kampo o barbekyuhan?

- Ang iyong siga sa kampo o solidong panggatong na barbekyuhan ay dapat isang metro kwadrado o mas mababa sa sukat ng isang trensina (trench) na hindi bababa sa lalim na 30 sentimetro.
- Ang solidong mga panggatong sa iyong siga sa kampo o barbekyuhan ay hindi maaaring mas malaki kaysa sa isang metro ang haba.
- Mangyaring tingnan ang mga sanggunian sa mga siga sa kampo sa Pambansa at pang-Estadong mga Parke.

Ano ba ang isang siga sa kampo na maayos na itinayo?

Isang pugon na gawa sa bato, metal, semento o iba pang di-madaling masunog na materyal sa paraang nagpapaloob sa perimetro ng apoy.

Maaari ko bang gamitin ang siga sa kampo o barbekyuhan na gumagamit ng likidong gasolina, gaas o kimikal na solidong panggatong?

Oo. Gayunpaman, dapat mong panatilihin ang 3 metrong perimetro sa hangin at lupa sa paligid ng iyong panggatong na likido, gaas o kimikal sa mga siga sa kampo at barbekyuhan na malayo sa madaling masunog na materyal.

Maaari ko bang iwan ang siga sa kampo o barbekyuhan na walang tumitingin?

Hindi

- Isang mapagkakatiwalaang tao na may sapat na gulang ang dapat namamahala sa lahat ng oras sa iyong siga sa kampo o barbekyuhan na gamit ang mga solidong panggatong.
- Ang pamamahala ay nangangahulugang abot-tanaw ang iyong siga sa kampo o barbekyuhan na gamit ang mga solidong panggatong o nasa loob ng 50 metro mula sa mga panlabas na perimetro.

Ano ay ang pinakamahusay na paraan sa pagpatay ng aking siga sa kampo kapag aalis na ako?

- Dapat lagi mong lubos na napatay na ang iyong siga sa kampo sa pamamagitan ng tubig, at hindi ng duming nasimot sa ibabaw nito.
- Hindi ka maaaring mag-iwan ng anumang natitirang mainit na siga sa iyong siga sa kampo.
- Tandaan, kung ang iyong siga sa kampo ay malamig na para hawakan, ligtas na itong iwan.

Huwag maglagay ng baso, aluminyo, plastik, basura o mumo ng mga produktong pagkain sa iyong siga sa kampo. Pakidala ang mga ito sa iyong pag-alis.

Ang pag-iwan ng mga bagay na ito sa inyong lugar ng kampo (campsite) ay pagkakalat at maaari kayong multahan sa lugar mismo.

Mga Araw na Ganap na Ipinagbabawal ang Pagsisindi ng Apoy

Mga Araw na Ganap na Ipinagbabawal ang Pagsisindi ng Apoy = walang mga siga sa kampo, barbekyuhan na gamit ang solido o kimikal na panggatong

Maaari ba? Hindi ba maaari? Mga Siga sa kampo at Barbekyuhan

Maaari ba akong magsindi ng siga sa kampo sa araw na Ganap na Ipinagbabawal ang Pagsisindi ng Apoy?

Hindi

- Ipinagbabawal ang pagsindi ng siga sa kampo sa mga araw na Ganap na Ipinagbabawal ang Pagsisindi ng Apoy.
- Kung nagdududa, huwag magsindi ng siga sa kampo

Maaari ko bang gamitin ang barbekyuhan na gaas o kuryente sa araw na Ganap na Ipinagbabawal ang Pagsisindi ng Apoy?

Oo

Ang barbekyuhan na de-kuryente o gaas at nasa permanenteng nakapirming istraktura na gawa sa bato, metal kongkreto o ibapang di-nasusunog na materyal, o

Ang isang barbekyuhan na gumagamit lamang ng gaas o kuryente, ay dinisenyo at komesyal na ginawa para lamang sa paghahanda ng pagkain (kabilang ang mga nabibitbit na barbekyuhan), at kapag nasindi ay nakalagay sa isang matatag na posisyon.

Kung

- Ito ay para sa layunin ng paghahanda ng pagkain.
- Ang lugar na nasa loob ng 3 metro ang layo mula sa panlabas na perimetro ng barbekyuhan ay malayo sa madaling masunog na materyal.
- Ikaw ay may hose na konektado sa suplay ng tubig o isang lalagyan na may hindi bababa sa 10 litro ng tubig para sa agarang paggamit.
- Naroon sa lahat ng oras habang may apoy ang isang taong may sapat na gulang na may kakayahan at mga magagamit para mapatay ang apoy.
- Ang apoy ay lubusang napatay na bago umalis ang taong may sapat na gulang.

Sa mga Parkeng Pambansa at Pang-Estado, ang mga siga sa kampo at barbekyuhan ay maaari lamang sindihan sa mga itinalagang mga pugon.

Mga pinagkukunan ng impormasyon

- Suriin ang ulat ng panahon nang ilang araw bago ka umalis sa pamamagitan ng bom.gov.au
- Alamin ang tungkol sa mga araw na Ganap na Ipinagbabawal ang Pagsisindi ng Apoy (Total Fire Ban) sa pamamagitan ng:
 - Vic Emergency Hotline – 1800 226 226
 - emergency.vic.gov.au
 - Vic Emergency App

Maaari ba? Hindi ba maaari? Mga Siga sa kampo at Barbekyuhan

Para magsumbong ng kahina-hinala o labag sa batas na gawain, tumawag sa
136 186



Kung kailangan mo ng tulong, kontakin lamang ang Serbisyo ng Pagsasalinwika at Pag-iinterprete (TIS) para sa tulong sa pagsasalin at pagpapaliwanag sa wika. Kontakin ang TIS National sa 131 450 (sa Australya) o bisitahin ang www.tisnational.gov.au